

LD منظمة اطباء العالم LÄKARE I VÄRLDEN MEDICI DEL MON
MÉDICOS DO MUNDO MÉDICOS DEL MUNDO 世界の医療団
世界医生组织 DOCTORS OF THE WORLD منظمة اطباء العالم
DOKTERS VAN DE WERELD MÉDICOS DO MUNDO
गै डॉक्टर MÉDECINS DU MONDE 世界医生组织 DOCTORS
I DEL MONDO ΓΙΑΤΡΟΙ ΤΟΥ ΚΟΣΜΟΥ DOKTERS VAN DE
ELT दुनिया के डॉक्टर MÉDECINS DU MONDE 世界医生组织 DO

In association with



BritishRedCross



IMPORMASYON UKOL SA BAKUNANG TRANGKASO PARA SA MGA MIGRANTE SA INGLATERA 2020-2021

TAGALOG | FILIPINO



ANO ANG BAKUNA SA TRANGKASO? Ang bakuna sa trangkaso :

- ay ligtas at mabisa
- pinoprotektahan ka laban sa trangkaso at mga komplikasyon nito
- ay hindi isang bakuna para sa coronavirus
- ay libre para sa ilang mga pangkat batay sa kanilang mga kondisyong pangklinikal o edad, ngunit lahat ay maaaring makuha ito
- napakahalaga na kunin mo ito kung karapat-dapat ka

SINO ANG MAKAKAKUHA NG LIBRENG BAKUNANG TRANGKASO?* Kahit sino na:



50 at higit pa



ang may ilang mga kundisyon sa kalusugan na maaaring dagdagan ang panganib na magkaroon ng trangkaso tulad ng hika, sobrang timbang, diabetes, at mga kondisyon sa puso



buntis



nakatira sa isang care home



ang pangunahing tagapag-alaga para sa isang matanda o may kapansanan na tao na maaaring nasa peligro kung magkasakit ka



mga bata na 2 at 3 taong gulang



mga bata sa paaralang primarya at mag-aaral sa taong 7 sekundaryong paaralan (ipinanganak bago ang ika-31 ng Agosto 2009)



sinumang nasa pagitan ng 2-17 taong gulang na may isang pangmatagalang kondisyon sa kalusugan tulad ng hika, diabetes, isang mahinang immune system, mga kondisyon sa puso, at mga kapansanan sa pag-aaral



nakatira sa isang taong may mataas na peligro mula sa coronavirus (kategorya ng kalasag)

* Kung wala ka sa isa sa mga pangkat na ito, maaari kang magbayad para sa bakunang trangkaso sa mga parmasya. Bilang isang minimum, nagkakahalaga ito ng £8 ngunit maaaring mas mahal batay sa uri at tatak ng bakuna na mayroon sa iyong parmasya.

SAAN KA MAKAKAKUHA NG BAKUNANG TRANGKASO?

- Sa iyong GP surgery
- Sa isang parmasya na nag-aalok ng serbisyo
- Sa paaralan para sa mga karapat-dapat na bata
- Sa iyong serbisyong komadrona kung ikaw ay buntis

PAANO KA MAKAKAKUHA NG BAKUNANG TRANGKASO?



Kung karapat-dapat ka para sa bakunang trangkaso, maaaring makipag-ugnay sa iyo ang NHS sa pamamagitan ng mail, SMS o telepono upang anyayahan kang kumuha ng bakuna.



Kung nakarehistro ka sa GP*, maaari kang makipag-ugnay sa kanila nang direkta at magtanong tungkol sa bakunang trangkaso at kung makukuha mo ito. Napakahalaga na ang lahat ay magparehistro sa GP.



Maaari mo ring tanungin ang iyong parmasya tungkol sa bakunang trangkaso kung alam nila ang iyong kalagayan o ang iyong medical na kasaysayan. Kung ang parmasya ay hindi pamilyar sa iyong kalagayan o kasaysayan ng medical, maaari silang humiling sa iyo ng isang patunay para sa iyong pagiging karapat-dapat.



Para sa mga karapat-dapat na bata sa paaralan, makikipag-ugnay ang paaralan sa mga magulang o tagapag-alaga at padadalhan sila ng kinakailangang impormasyon tungkol sa mga petsa at oras ng pagbabakuna kasabay ng isang form ng pahintulot. Kailangang pirmahan ng mga magulang o tagapag-alaga ang form ng pahintulot upang mabakunahan ang kanilang mga anak.

Ang lahat ng mga nagbibigay ng bakuna ay susundin ang mahigpit na patnubay upang ligtas para sa iyo ang bakunang trangkaso.

*Lahat ng naninirahan sa UK ay may karapatang magparehistro sa isang GP anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o kakayahang magpakita ng ID o patunay ng tirahan. Kung kailangan mo ng tulong upang magparehistro sa GP, tumawag sa Doctors of the World's na may libring helpline 0808 1647 686 –Lunes hanggang Biyernes 10 am hanggang 12 ng tanghali.

ANG BAKUNANG TRANGKASO BA AY HALAL?

Maraming uri ng bakuna sa trangkaso ang magagamit, ang ilan ay na-injection at ang iba ay spray. Inaalok ang mga indibidwal ng bakunang trangkaso na inirerekumenda para sa kanila batay sa kanilang edad o peligro. Ang bakunang trangkaso na inaalok sa mga bata mula 2 taong gulang pataas kabilang ang mga nasa taong 7 ay naglalaman ng gelatine ng baboy. Gayunpaman, maaari kang humiling ng ibang bakuna kung mayroon kang pagtutol sa batay sa iyong paniniwala sa relihiyon o espirital.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakunang trangkasosa iyong wika, bisitahin:
<https://www.gov.uk/government/publications/flu-vaccination-who-should-have-it-this-winter-and-why>